Pagbutihin ang Ugnayan ng Stakeholder (May Pananagutan)

Pananaw

Ang pagkakaiba-iba at pangako ng maraming stakeholder (may pananagutan) ng Seattle Public Schools ay kinaiinggitan sa buong bansa. Nais naming mabuo ang tiwala at mapalakas ang pagsasama sa lahat ng ating stakeholder ng magkasama tayo na magawa na ang pampublikong paaralan ng Seattle ang pinakamagaling sa buong bansa.

Mga Pangunahing Bahagi

Ang Stakeholder Engagement na bahagi ng Strategic Plan ay gagawin pagkatapos ng masusing pakikipag-usap sa pamayanan sa mga susunod na buwan. Kapag natapos at ibinigay sa Lupon ng Paaralan ngayon taglagas, ito ay gagawin mula sa mga mungkahi na ibinigay sa ulat ng pakikipag-usap.

Mayroon ilang bahagi na naglalarawan ng magaling na pakikipag-usap sa stakeholder ng mga pampublikong paaralang distrito. Hinahangad namin ang patuloy na input ng stakeholder na matulungan kami na mapaunlad ang kakayahan na:

Madalas at Mabisang Pagsali ng ating mga Pamilya– Mayroon tayong matibay na pundasyon sa modelo na itinataguyod ng School Family Partnership Advisory Committee. Nais naming marinig mula sa mga pamilya ang tungkol sa kanilang prayoridad para makasali sa antas ng mag-aaral, silid-aralan, paaralan, at distrito.

Mabisang Maabot at Makasali ang mga Pinuno ng Pamayanan – inaasahan ng pamayanan na masabihan tungkol sa ating pag-unlad at nais ang makabuluhang pagkakataon para maihugis at mapalakas ang ating abilidad na masilbihan ng mabuti ang lahat ng mag-aaral. Kinakailangang malaman ng mga stakeholder kung ano ang dapat asahan sa pamamagitan ng pamaraan at panahon para mapalakas ang mga mahahalagang desisyon. Nais namin na malaman kung sa paanong paraan nais ng mga stakeholder na mapasabihan at makasali.

Ibilang ang Kawani bilang Pangunahing Stakeholders –Ang ating mga guro, punong-guro at kawani ay pinagkakatiwalaang tagapagbalita sa loob ng Distrito at sa ating mga pamilya. Ang kanilang input ay napakahalaga sa magagaling na pasya, at ang kanilang kapasidad na magpaalam at magbigay ng inspirasyon sa bawat isa at sa ating mga pamilya ay kumakatawan sa kakayahan na kinakailangan nating alagaan ng mabuti.

Nakapokus at Nakikipagtulungan sa Mga Kababayan – Mayroon tayong mahahalagang kababayan na sumusuporta sa ating mga mag-aaral, guro, paaralan, at pinuno ng distrito. Kailangan natin ang nakapokus at mapamaraan kung paano natin isasali ang mga kababayan ng sa gayon ay mailagay natin ang ating mga pagsisikap sa dapat na kalagyan.

Palakasin ang Tiwala ng Publiko – Kailangan ng distrito na liwanagin ang layunin, pananaw, at mga salitang laging ginagamit at pangmalawakang antas ng pananalita. Sa pamamagitan ng maliwanag, regular, at malinaw na pagbibigay ng mga layunin at pag-unlad sa kanila na mapagtibay ang tiwala ng publiko sa Seattle Public Schools.

Gawing Makabago ang ating Website– Ang website ay isa sa pinakamabisang kagamitan para makilala kung sino tayo bilang Seattle Public Schools, para mabigyan ang mga gumagamit na madaling makita ang nilalaman, at para mapagsilihan ang ibat-ibang manonood ng may kabululuhan, kaakit-akit, at madaling kunin na impormasyon. Dahil sa di-pangkaraniwang yaman ng kaalaman at pagbabago sa ating rehiyon, kami ay naniniwala na ito ay isang napakahalagang pagtutulungan. Gusto namin na malaman mula sa mga stakeholder kung ano ang gusto nila mula sa ating website

Mga Tanong para sa Pamayanan

- Ano pa ang gusto mong malaman?
- Ano ang hindi malinaw?
- Ano ang aming pagkukulang?
- Paano namin kayo pasasabihan tungkol sa o makakasali sa gawain?